Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING LIMANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MARTES, IKA-25 NG ABRIL, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO	- Pang. Punong-lungsod, Namuno
2.	Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
3.	Kgg. JOSE C. CARTAÑO	- Kagawad
4.	Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
5.	Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
6.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
7.	Kgg. ARNEL DC. GOMEZ	- Kagawad
8.	Kgg. ANTONIA T. LASERNA	- Kagawad
9.	Kgg. ROY M. GONZALES	- Kagawad
10.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad
11.	Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA	- Kagawad
12.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad

Di-Dumalo:

1.	Kgg. AIZEL B. ALIPON	- Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 110-2006

(Sa mungkahi ng Magkasanib na Lupon ng Housing and Urban Development at Lupon ng Laws and Government)

ANG KAPASIYAHAN

na nagpapatibay ng Ulat ng Magkasanib na Lupon ng Housing and Urban Development at Lupon ng Laws and Government na ginagawang bahagi ng katitikang ito at nilagyan ng TANDANG "P" na tumatalakay sa kahilingan ng BUKLOD Homeowner's Association, Inc. na nagpapatibay ng pagkakaloob ng parsela ng lupang napatalaga sa mga kasapi ng samahan na matatagpuan sa Barangay Pooc.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

ARLENE ARCILLAS-NAZARENO
Pangalawang Punong-lungsod

Pinagtibay:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Punong-lungsod

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-15 Pangkaraniwang Pulong ng Sanggunlang Panlungsod ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-25 ng Abril, 2006.

CYNTHIA M. GOMEZ
Kalihim Panlungsod

Simplicio Alerbon Jr.
5-5-06

Received:
May 5, 2006
HOUSING

Ulat ng Magkasanib na Lupon ng Housing and Urban Development at Lupon ng Laws and Government

PAKSA: **KAHILINGAN NG BUKLOD HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC. NA NAGPAPATIBAY NG PAGKAKALOOB NG PARSELA NG LUPANG NAPATALAGA SA MGA KASAPI NG SAMAHAN NA MATATAGPUAN SA BARANGAY POOC.**

MGA KATOTOHANAN:

Ang Buklod Homeowners Association, Inc. ay binubuo ng mga pamilya na inilikas sa bahagi ng Santa Rosa Village I, Barangay Pook, mula sa isang parsela ng lupain sa Barangay Pulong Santa Cruz sa magkasamang tulong ng Metro Bank, pribadong may-ari ng lupang kinatitirikan ng kanilang tahanan at ng Pamahalaang Lungsod.

Sa alaala ng pangako ng yumaong Punong-lungsod Leon C. Arcillas ay ipagkakaloob ang mga nabanggit na parsela ng lupain sa mga beneficiaries ng walang bayad, sa kabila ng naunang kasunduan na magkakaroon na sila ng kontribusyon sa gastusin sa pagpapaunlad ng daan, re-survey, paghahati-hati ng lote (subdivision of lots) at paglalagay ng mga poso ng tubig.

Noong nakaraang taon, sa pamamagitan ng isang programa ay ipinagkaloob ni Punong-lungsod sa mga beneficiaries ang titulo ng mga lupa, lamang ay nasasa pangalan pa ito ng Pamahalaang Lungsod.

PAG-AARAL AT MUNGKAHI NG LUPON:

Batay sa pag-aaral ng Lupon at alinsunod na rin sa isinagawang Committee Hearing noong Ika-11 ng Abril, 2006 na dinaluhan ng pamunuan at mga kasapi ng Buklod at ng nanunungkulang CUDHO Officer, G. Edwin Barqueros kung saan ay tinalakay na walang anumang legal na balakid kung ang mga lote ay ipagkaloob na sa mga beneficiaries. Gayundin sa pagpupulong ay ipinahayag ng mga beneficiaries ang kanilang pagsang-ayon na sila na ang gumastos sa pagpapatitulo ng kani-kanilang lote.

Kaya't, iminumungkahi ng Lupon ang pagpapatibay ng pagkakaloob ng mga titulo sa mga beneficiaries at kasapi ng Buklod, maliban sa mga napagkalooban na nagbenta ng napatalagang parsela sa ibang pribadong tao.

Ika-18 ng Abril, 2006.

Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA
Tqagapangulo, Lupon ng Housing and Urban Development

Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN
Tagapangulo, Lupon ng Laws and Government

Kgg. LAUDEMER A. CARTA
Kagawad

Kgg. RAUL P. AALA
Kagawad